

OPISYAL NA PAHAYAG

Disyembre 3, 2020

Pakikipag-ugnay: Judeth Luong, Manager, Bureau ng Kalusugan ng Kapaligiran, 562.570.4104
o Judeth.Luong@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Binabalaan ang Mga Residente ng Lungsod ng Long Beach sa Mababang Kalidad ng Hangin

Nakansela ang Lahat ng Mga Field Permit, Mobile Recess at Panlabas na Aktibidad para sa Mga Camp Programa ng Pagkatapos ng Eskuwela

Long Beach, CA - Binalaan ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod na si Anissa Davis ang mga residente ng Long Beach tungkol sa potensyal na hindi malusog na kalidad ng hangin dulot ng Bond Fire sa Orange County, na gumagawa ng matinding usok. Ang lahat ng mga indibidwal ay hinihikayat na mag-ingat at iwasan ang hindi kinakailangang mga panlabas na aktibidad.

Kinansela ng Kagawaran ng Parke, Libangan at Marina ng Lungsod ang lahat ng mga field permit, Mobile Recess at panlabas na aktibidad para sa mga camp programa para sa pagkatapos ng eskuwela at ang Belmont Pool hanggang sa karagdagang paunawa.

Smoke and ash rising into the atmosphere may be visible over portions of Long Beach and surrounding areas, potentially creating unhealthy conditions. All individuals are urged to exercise caution and avoid unnecessary outdoor activities in any area directly impacted by smoke and ash. This includes areas where residents can see or smell smoke. In any area impacted by smoke, residents should take the following precautions:

Ang usok at abo na umaangat sa kapaligiran ay maaaring makita sa mga bahagi ng Long Beach at mga kalapit na lugar, na potensyal na lumikha ng hindi malusog na mga kondisyon. Ang lahat ng mga indibidwal ay hinihikayat na mag-ingat at iwasan ang hindi kinakailangang panlabas na aktibidad sa anumang lugar na direktang naapektuhan ng usok at abo. Kasama rito ang mga lugar kung saan ang mga residente ay makakakita o

nakakaamoy ng usok. Sa anumang lugar na naapektuhan ng usok, dapat gawin ng mga residente ang mga sumusunod na pag-iingat:

- Iwasan ang anumang malakas na panlabas o panloob na pagsusumikap.
- Manatili sa loob ng bahay, lalo na para sa mga indibidwal na may sakit sa paghinga o sa puso, mga buntis, mga nakatatanda at mga bata.
- Panatilihing sarado ang mga bintana at mga pintuan o humingi ng alternatibong tirahan.
- Patakbuhan ang iyong aircon kung mayroon ka nito.
- Palitan ang karaniwang filter ng aircon sa isang medium o high efficiency na filter. Kung mayroon kang isang air-conditioner na yunit sa pader o bintana, ilagay ang setting nito sa “recirculate” o umiikot na hangin.
- Iwasan ang paggamit ng isang swamp cooler o buong-bahay na bentilador upang maiwasan ang pagdadala ng karagdagang usok sa loob, kung maaari.
- Iwasan ang panloob o panlabas na mga kagamitan na nagsusunog ng mga kahoy, kabilang ang mga pausukan, upang maiwasan na lumala ang mga epekto sa kalusugan ng mga usok ng wildfire.

Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin na nauugnay sa mga wildfire, bisitahin ang website ng South Coast Air Quality Management District sa aqmd.gov o [tingnan ang mapa](#) ng lokal na data ng kalidad ng hangin sa lokal na oras. Kung nais mong mag-signup para sa mga pagtataya sa kalidad ng hangin, mag-subscribe sa pamamagitan ng pagbisita sa airalerts.org.

Ang Bond Fire ay mabilis na kumakalat sa Silverado Canyon, Modjeska Canyon at Williams Canyon, na humahantong sa mga paglikas. Ang isang mapa ng mga zone ng paglikas ay matatagpuan sa [pahina ng impormasyon sa Bond Fire](#) ng Orange County Sheriff.

Mga katanungan sa media tungkol sa kalidad ng hangin sa Long Beach ay maaaring idirekta kay Judeth Luong, Manager, Bureau ng Kalusugan ng Kapaligiran, 562.570.4104 o Judeth.Luong@longbeach.gov.

###